



ALERTO: Manatiling Maingat

Alinsunod sa mga rekomendasyon ng Estado, magbubukas na ulit ang San Francisco sa Orange na Tier ng Estado simula sa Marso 24, 2021. Binabalanse ng pagpapasya kaugnay ng muling pagbubukas ang mga panganib sa pampublikong kalusugan ng pagkalat ng COVID-19 at ang mga panganib sa pampublikong kalusugan ng mga problema sa ekonomiya at kalusugan ng isip.

Kahit bumaba na ang mga rate ng kaso ng COVID-19, ar mas marami nang tao ang nababakunahan, **mayroon pa ring posibilidad na may COVID-19 ang mga taong nakakasalamuha mo.** Ang karamihan sa mga impeksyon sa COVID-19 ay dulot ng mga taong walang sintomas ng sakit. Nakumpirma rin naming may mga bago at mas nakakahawang variant ng virus sa San Francisco Bay Area at **malamang ay magdulot ng malubhang sakit at pagkamatay ang ilan sa mga variant na ito sa mga hindi pa nababakunahang indibidwal.** Hindi pa natin alam kung paano makakaapekto ang mga variant na ito sa bisa ng bakuna, pero ayon sa mga klinikal na pagsubok at real world na datos, epekto pa rin ang mga ito gaya ng inaasahan. Ang pagbubukas ng mga sektor ay hindi ganap na nangangahulugang “ligtas” ang mga aktibidad na ito.

Ginawa namin ang lahat ng aming makakaya upang makagawa ng gabay na makakatulong sa mga aktibidad at sektor na ito na makapagbigay ng mga mas ligtas na kapaligiran para sa mga manggagawa at sa publiko. Gayunpaman, kailangang gawin ng lahat ang kanilang bahagi para magawang ligtas ang mga aktibidad na ito hangga't posible, kabilang ang pagsusuot ng mga mask na sakto ang fit, na tumatakip sa iyong bibig at ilong lalo na kapag nagsasalita, pag-iwas sa mga indoor na setting hangga't posible, pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang layo sa mga taong hindi mo kasama sa bahay, pagpapasuri at pag-isolate kung ikaw ay may sakit, at pagsunod sa mga karagdagang protokol na pangkalusugan na iniaatas sa mga bukas na negosyo. Ang mga taong may posibilidad na magkaroon ng matinding karamdaman dahil sa COVID-19 — gaya ng mga hindi pa nababakunahang nakatatanda at hindi pa nababakunahang indibidwal na may mga panganib sa kalusugan — at ang mga nakatira o nag-aalaga sa kanila ay hinihikayat na huminto sa paglahok sa mga aktibidad kasama ang ibang taong hindi nila kasama sa bahay, kung saan mahirap ang pagsasagawa ng mga pamproteksyong habbang na pagsusuot ng face mask at social distancing, lalo na indoors o sa matataong lugar.

Kung ganap ka nang nabakunahan (ibig sabihin, 14 na araw na ang lumipas matapos ang huli mong bakuna), mas makakampante ka na sa iyong mga panganib sa kalusugan kapag nakibahagi ka sa mga aktibidad na pinapahintulutan ng mga departamento sa kalusugan ng ating estado at lokal. Gayunpaman, pag-isipan ang posibleng panganib na puwedeng dalhin ng pagkakarantad mo sa mga taong nakapaligid sa iyo, lalo na sa mga kasama mo sa bahay at hindi pa nababakunahan, kapag nakibahagi ka sa mga aktibidad kasama ng mga taong hindi bahagi ng iyong sambahayan.



Notice of Suspension or Restrictions of Indoor and Outdoor Activity
Version: 1.01
This document is subject to change without notice. It is intended to provide information only and does not constitute a contract. The Department of Public Health is not responsible for any damages or losses resulting from the use of this document. For more information, please contact the Department of Public Health at (415) 558-5000.

Activity	Restrictions	Effective Date
Food Preparation	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Food Service	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Alcohol Service	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Event Space	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Event Space	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Event Space	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Event Space	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Event Space	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021
Event Space	Indoor: 50% capacity, 6-foot distancing, masks required. Outdoor: 100% capacity, 6-foot distancing, masks required.	March 24, 2021

Talahanayan ng Mga Aktibidad at Aktibidad ng Negosyo o BCAT

Iniatas ng Opisyal sa Kalusugan na suspindihin o paghigpitan ang mga limitasyon sa kapasidad ng mga aktibidad na ipinapakita sa talahanayan. Sususugan ng mga pagsuspende o paghihigpit na ito ang anumang kaugnay na utos, direktiba, o gabay. Inaatasan ang lahat ng apektadong indibidwal na sumunod sa mga bagong limitasyong ito, at patuloy na subaybayan at sundin ang lahat ng naaangkop na [Utos sa Kalusugan](#) at [Direktiba](#).

Sumangguni sa Talahanayan ng Mga Kapasidad at Aktibidad ng Negosyo (Business Capacities and Activities Table, BCAT) ([Ingles](#), [Chinese](#), [Spanish](#), [Tagalog](#), [Vietnamese](#), [Russian](#)) para sa lahat ng kasalukuyang paghihigpit, limitasyon, at pagsuspende.



Mga Tip para sa Mga Retail na Negosyong Nag-aalok ng Curbside o Mga In-Store na Pamimili o Serbisyo sa Panahon ng COVID-19

Na-update noong Marso 23, 2021

AUDIENCE: Mga negosyong nag-aalok ng mga in-store/curbside na retail, serbisyo, pagpaparenta ng pang-outdoor na kagamitan sa panahon ng COVID-19 pandemic. Kasama sa “Negosyo” ang maraming uri ng organisasyon, gaya ng mga nonprofit na organisasyon, employer, community-based na organisasyon, at iba pa. Kasama sa “Tauhan” ang mga empleyado, nakakontratang manggagawa, gig-worker, volunteer, at iba pa.

Tumutukoy ang Retail sa Curbside sa pagbibigay ng mga item sa mga customer na hindi pumapasok sa iyong pasilidad. Kasama sa Retail sa Curbside ang pag-deliver ng Mga Tauhan sa mga item sa nakaparadang sasakyan o truck ng customer, o sa isang customer sa isang nakaparadang bisikleta, scooter, o motorsiklo. Mananatili ang customer sa kanyang sasakyan sa paradahan o legal sa espasyo sa pagparada. Puwede ring mag-deliver ang mga tauhan ng mga item sa isang customer na maglalakad papunta sa iyong lokasyon.

Buod ng mga pagbabago mula sa mga nakaraang bersyon

- Sumangguni sa [Talahanayan ng Mga Kapasidad at Aktibidad sa Negosyo \(BCAT\)](#) para sa lahat ng kasalukuyang paghihigpit, limitasyon, at pagsususpinde.
- May kasamang impormasyon tungkol sa CA Notify at rekomendasyong magpabakuna laban sa COVID-19 kapag naging available ito.
- Bago o nirebisang impormasyon tungkol sa bentilasyon, mandatoryong pagmemetro at karatula.

Impormasyon sa COVID-19

Ayon sa aming kasalukuyang pagkakaunawa, kadalasang naikakalat ang COVID-19 mula sa isang tao patungo sa isa pa sa hangin sa pamamagitan ng mga droplet na may virus sa hininga ng isang taong may COVID-19. Sumasama ang mga droplet na ito sa hangin sa tuwing humihinga ang isang tao. Mas marami pang droplet ang maaaring sumama sa hangin kapag nagsasalita, kumakanta, umuubo, o bumabahing ang mga taong may impeksyon. Posibleng walang sintomas ang mga taong may COVID-19 at nakakapagbuga pa rin sila ng mga droplet na may virus na posibleng makahawa sa iba. Maaaring mangyari ang transmisyon sa pamamagitan ng:

- Mas malalaking droplet. Kung minsan, tinatawag na “ballistic droplet” ang mas malalaking droplet na ito dahil ang mga ito ay kumakalat sa mga tuwid na linya at hinihila pababa ng gravity. Mahahawahan ang mga taong nasa malapit, na karaniwang nasa loob ng 6 na talampakan, kapag nalanghap nila ang mga droplet na ito o kapag napunta ang mga droplet sa kanilang mata, ilong, o bibig.
- Mas maliliit na droplet o nakakahawang particle. Maaaring lumutang sa hangin ang mga ito sa loob ng isang partikular na panahon at/o maaari itong kumalat nang lampas sa 6 na talampakan sa mga daloy ng hangin sa loob ng mga gusali, lalo na sa mga kulob na lugar na may hindi magandang bentilasyon. Nahahawahan ang mga taong nasa iisang lugar kapag nalanghap nila ang mas maliliit na droplet at particle na ito o kapag napunta ang mga droplet o particle sa kanilang mata, ilong, o bibig – kahit na mahigit 6 na talampakan ang layo nila sa isa't isa. Kung minsan, tinatawag na “aerosol” o “bioaerosol” ang mga droplet na ito.



Maaari ding kumalat ang COVID-19 kung hahawakan ng isang tao ang kanyang mata, ilong, o bibig pagkatapos humawak sa kontaminadong surface (na kilala din bilang fomite), gayunpaman, hindi ito gaanong pangkaraniwan.

Pag-iwas sa COVID-19

- [Hugasan nang madalas ang inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig.](#) Kung walang magagamit na sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% ethanol o 70% isopropanol.
- [Iwasan ang Malapitang Pakikisalamuha.](#) Sa abot ng makakaya, magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang social distancing sa pagitan ninyo at ng ibang taong hindi nakatira sa inyong Sambahayan.
- [Magsuot ng Pantakip sa Mukha.](#) Takpan ang inyong bibig at ilong gamit ang Pantakip sa Mukha kapag nasa mga pampublikong lugar at kapag may kasamang mga taong hindi nakatira sa inyong Sambahayan.
- [Palaging linisin at i-disinfect](#) ang mga surface na madalas hawakan.
- [Obserbahan ang Inyong Kalusugan Araw-araw.](#) Maging alerto para sa mga sintomas tulad ng lagnat, ubo, pangangapos ng hininga, o iba pang sintomas. Kung nakakaranas kayo ng alinman sa mga sintomas na ito, manatili sa bahay at magpasuri.

Indoor na Panganib

Sumasang-ayon ang mga siyentipiko na sa pangkalahatan, mas malaki ang posibilidad na magkahawahan ng COVID-19 kapag nasa loob ng mga gusali kaysa kapag nasa labas. Isaalang-alang ang mas malaking panganib sa inyong sarili at sa inyong komunidad sa pagpapalano ng mga aktibidad at pagkain. Lumalaki ang panganib sa anumang pagtaas ng bilang ng mga tao indoors o sa dagdag na oras indoors. Nakakapagpalaki ng indoor na panganib ang maliliit na kuwarto, masisikip na hallway, maliliit na elevator, at hindi magandang bentilasyon. Mababawasan ang panganib sa bawat aktibidad na puwedeng gawin sa labas, nang malayuan, o sa pamamagitan ng teleconference. Makakakita ng higit pang detalye sa www.sfcddcp.org/indoorrisk

Ang Papel ng Bentilasyon

Sa pamamagitan ng magandang bentilasyon, nakokontrol ang mga droplet at particle na may nakakahawang sakit upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng:

- pagpapalabas ng hanging may mga droplet at particle mula sa kuwarto,
- pagpapalabnaw sa konsentrasyon ng mga droplet at particle sa pamamagitan ng pagdaragdag ng sariwa at hindi kontaminadong hangin,
- pag-filter sa hangin sa kuwarto na nag-aalis ng mga droplet at particle sa hangin.

Sa tuwing ikaw ay nasa isang kuwarto o espasyo na ginamit o ginagamit ng mga taong hindi mo kasama sa sambahayan, tiyaking may maayos na bentilasyon at nakabukas ang mga pinto at bintana kung posible.

Narito na ang bakuna laban sa COVID-19

Ang bakuna ang isa sa mga pinakamahalagang paraan upang mawakasan ang pandemya. Sinuri ng Administrasyon ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration) FDA, Mga Sentro sa Pagkontrol ng Sakit (Centers for Disease Control, CDC), at ng sariling Scientific Safety Review Workgroup ng California ang datos mula sa mga klinikal na pagsubok upang matiyak ang kaligtasan at pagiging mabisa ng mga bakuna laban sa COVID-19. **Lubos naming hinihikayat ang lahat ng taong magpabakuna.** Ang mga unang bakunang naaprubahan sa US ay humigit-kumulang 95% mabisa sa pagpigil sa sakit na dulot ng COVID-19, gayunpaman, hindi natin alam kung gaano kahusay na mapipigilan ng mga ito ang mga impeksyong hindi



nagdudulot ng mga sintomas. Nangangahulugan itong hindi natin alam kung gaano karaniwan para sa isang taong nagpabakuna na magdala ng virus at maipasa ito sa ibang tao, kabilang ang [mga taong may mas mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit o pagkamatay](#). Samakatuwid, napakahalaga pa rin para sa mga nabakunahan, at para sa natitirang populasyong naghihintay para sa kanilang mga bakuna, na magpatuloy sa paggamit ng lahat ng tool na available upang makatulong na mawakasan ang pandemyang ito: pagsusuot ng mask na tumatakip sa inyong bibig at ilong kapag nasa labas ng inyong bahay, pag-iwas sa mga pagsasama-sama/pagtitipon, pag-iwas sa pananatili sa loob ng mga gusali kasama ang mga taong hindi ninyo kasama sa bahay, pagpapanatili ng 6 na talampakang layo sa ibang tao, at paghuhugas ng inyong mga kamay pagkatapos hawakan ang mga bagay na ginagamit din ng iba o pagkatapos hawakan ang inyong mukha. Matuto pa tungkol sa bakuna, kasama ang kung saan at kung kailan ito makukuha sa:

sf.gov/covidvax

Kung nagpabakuna ka na laban sa COVID-19, magbasa pa tungkol sa kung kailangan mo pang mag-quarantine sa: www.sfcddcp.org/quarantineaftervaccination.

Kung nagpabakuna ka na laban sa COVID-19, magbasa pa tungkol sa mga mas ligtas na pakikisalamuha sa: www.sfcddcp.org/lifeaftervaccine

Pangkalahatang Impormasyon at Kinakailangan para sa Retail

Gawin ang Mga Iniaatas na Plano at Protokol at Ipaskil ang Iniaatas na Karatula

Makikita ang lahat ng iniaatas na karatula sa inaprubahang wika sa sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19.

Dapat makakuha ang lahat ng tauhan ng mga sumusunod at dapat ipaskil ang mga ito sa pasukan o ibang bahagi ng lugar ng negosyo.

- Punan at ipaskil ang template ng [Plano sa Kalusugan at Kaligtasan](#) para sa Direktiba 2020-17. Kung may iba pang [Direktibang](#) nalalapat sa iyong negosyo, posibleng kailanganin mong kumumpleto ng mahigit sa isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.
- Kumpletuhin at ipaskil ang [Protokol sa Social Distancing](#) at anumang karatula na iniaatas ng dokumentong iyon.
- Magpaskil ng [karatula tungkol sa panganib ng pananatili sa loob ng mga gusali](#)
- Ipaskil ang [poster na may impormasyon tungkol sa pag-uulat ng mga paglabag sa kautusan sa kalusugan](#)
- Tingnan ang [Gabay sa Bentilasyon](#) ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) at magtabi ng kopya na may mga tala. Maaaring gamitin na lang ang gabay sa bentilasyon mula sa mga kinikilalang awtoridad gaya ng Mga Center para sa Pagkontrol sa Sakit, Samahan ng Mga Engineer sa Heating, Refrigerating at Air-Conditioning ng America, ASHRAE, o ang Estado ng California.

Magpaskil ng karatula sa mga pampublikong pasukan at lahat ng breakroom, na nagsasaad sa kung alin sa mga sumusunod na sistema ang ginagamit:

- Pinapanatiling bukas ang lahat ng available na bintana at pintong puwedeng pasukan ng sariwang hangin mula sa labas
- Mga ganap na tumatakbong system ng Pagpapainit, Bentilasyon, at Pagkukundisyon ng Hangin (Heating, Ventilation, and Air Conditioning, HVAC)
- Mga portable na air cleaner na may naaangkop na laki sa bawat kuwarto



Wala sa nabanggit

Gumawa ng Mas Ligtas na Espasyo para sa Mga Tauhan at Customer

Ipinag-aatas sa lahat ng negosyo na magpatupad ng isang Mandatoryong Sistema ng Pagmemetro upang matiyak na hindi malalampasan ang mga maximum na Antas ng Kapasidad na tinutukoy sa [Talahanayan ng Mga Kapasidad at Aktibidad ng Negosyo \(BCAT\)](#). Bumuo at magpatupad ng nakasulat na pamamaraan upang masubaybayan ang bilang ng mga taong pumapasok at lumalabas sa pasilidad upang matiyak na katumbas o mas mababa ito sa pinapayagang kapasidad. Isaalang-alang ang pagtatalaga ng mga tauhan upang masubaybayan ang kapasidad ng tindahan.

Kasama sa mga sukatan para matiyak ang pagpapanatili ng mga limitasyon sa kapasidad at pagtitiyak ng espasyo sa pagdidistansya ang:

- Gumawa ng mga nakatalagang bilog o linya na may mga marka sa sahig para isaad ang anim na talampakang distansya para sa mga customer.
- Gumawa ng mga daanan na may direksyon, kung naaangkop, gaya ng mga one-way na pasukan at labasan para sa mga customer, karatula para sa mga banyo.
- Pag-isipan ang paggamit ng isang linyang queue, sa halip ng maraming linya, para mabawasan ang tagal ng paghihintay ng mga customer at mabigyang-daan ang madaling pamamahala ng mga queue.
- Pag-isipan ang pag-set up ng sistema ng pamamahala ng queue para payagan lang ang limitadong dami ng mga mamimili sa isang pagkakataon, para mapanatili ang anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga patron at Tauhan sa lahat ng oras, para sa mga small square footage o mom-and-pop store kung saan hindi kinakailangan o naaangkop ang pagkuha ng nakatalagang tauhan.
- Magpanatili ng mga Plexiglas o iba pang harang sa pagitan ng mga customer at cashier. Kung hindi iyon posible, pakitiyak ang hindi bababa sa anim na talampakang distansya.
- Pag-isipan ang pagdaragdag ng bilang ng mga tauhan na nasa lugar ng negosyo para maiwasan ang pagdumog ng tao sa panahon ng kapaskuhan.
- Posibleng kailanganin mong baguhin ang aktwal na layout ng iyong negosyo para makatulong sa social distancing ng mga customer at tauhan.

Kasama sa mga karagdagang sukatan na dapat ipatupad ng mga negosyo ang:

- Maglagay ng hand sanitizer sa lugar na madaling makikita o maaabot ng mga customer.
- Dapat regular na linisin at i-disinfect ng tauhan ang iba pang surface na madalas hawakan, na malilinis nang ligats, at sumusunod sa mga pamantayan ng industriya, pero hindi bababa nang isang beses sa isang araw. Hindi ipinag-aatas sa mga tauhan na linisin at i-disinfect ang mga surface pagkatapos hawakan ng bawat indibidwal na customer ang mga ito, maliban na lang kung mukhang may sintomas ang customer o may nakikitang kontaminasyon ng nasal o oral na secretion.
- Pag-isipan ang pagtatakda ng mga espesyal na oras para sa Mga Nakakatanda at Nasa Panganib ang Kalusugan para mamili at maiwasan ang pagkakalantad sa maraming tao.
- Pag-isipan ang pagbebenta sa labas. Sumangguni sa seksyong Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang para sa Retail sa Curbside: sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.
- Hikayatin ang pagpapabakuna laban sa trangkaso.
 - Magpaskil ng karatula para hikayatin ang mga tauhan at kalahok na magpabakuna laban sa trangkaso.
 - Mahalaga ang mga bakuna para sa trangkaso sa laban kontra COVID-19 dahil (1)



napapanatiling malusog ang mga manggagawa at komunidad at (2) nababawasan ang kinakaharap ng ating pangangalagang pangkalusugan at mga sistema ng pagsusuring tumutugon sa COVID-19. Makakakuha ng higit pang impormasyon sa <https://sfcdcp.org/flu>.

Bigyan ng Kaalaman at Sanayin ang Mga Tauhan

Dapat magtalaga ang mga negosyo ng Tagasubaybay ng Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho na magsisiguro na maglilinis at magdi-disinfect nang maayos ang Mga Tauhan, [magsi-screen sa mga customer para sa mga sintomas](#), at susubaybay sa bilang ng mga customer sa store o sa pila. Pag-isipan ang pagsasanay sa Tagasubaybay ng Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho at iba pang Tauhan sa pakikipag-usap sa mga customer na hindi sumusunod sa mga patakaran. Maaaring mag-alala ang mga tauhan hinggil sa panganib sa kanilang sarili, kaya magbigay ng mga resource para matugunan ang pagkabagabag, stress, at kalusugan ng pag-iisip.

Magbigay ng impormasyon tungkol sa pagliban dahil sa pagkakasakit at iba pang benepisyo na maaaring makuha ng empleyado na tutulong para mas maging magaan sa pinansyal na aspeto ang pananatili sa bahay (tingnan ang [May bayad na pagliban dahil pagkakasakit sa San Francisco](#)). Tandaang hindi puwedeng tanggalin sa trabaho ang mga empleyado dahil sa mga resulta para sa COVID-19 o dahil kinakailangan nilang lumiban kaugnay ng COVID-19.

Magbigay ng impormasyon tungkol sa [CA Notify \(canotify.ca.gov\)](#), isang app na maaaring i-install sa iyong smartphone. Gumagamit ito ng teknolohiya ng Bluetooth upang malaman kung malapit ka at ang iyong telepono sa ibang taong mayroong COVID-19 upang makatulong na mapigilan ang pagkalat ng virus sa ating komunidad.

Tingnan ang Iyong Espasyo kung Nabakante ito Nang Matagal na Panahon

Kung nagsara ang iyong negosyo sa loob ng ilang linggo o buwan, tingnan kung may pamumutiktik o pamumugad ng peste, at tiyaking gumagana ang lahat ng pag-iingat para sa pagkontrol ng peste. Magsagawa ng regular na pagmementina sa mga ventilation system pati sa mga air duct at vent. Alisin ang naipong tubig sa mga plumbing line sa pamamagitan ng pagpapadaan ng tubig sa mga fixture. Makikita ang detalyadong gabay sa: [sfwater.org/flushingguidance](#).

Pagbabalik sa Negosyo

Sundin ang Mga Pinakamahasay na Kagawian sa [Exhibit A ng Direktiba 2020-17](#). Para makatulong sa pagsunod, puwede mong hilingin sa mga customer na baguhin ang paraan ng pakikipag-ugnayan nila sa iyong negosyo at mga produkto. Maaaring kasama sa mga pagbabago ang:

- Lubos na paghikayat sa mga customer na iwasang hawakan ang merchandise kung hindi kinakailangan at na gumamit ng hand sanitizer bago hawakan ang merchandise o pagkapasok sa iyong negosyo.
- Gumawa ng mga paraan ng ligtas na paghawak ng ibinalik na merchandise.
- Pag-isipan ang paghihikayat ng mga customer para magpadala ng mga return o exchange sa pamamagitan ng serbisyo sa delivery, para mabawasan ang hindi kinakailangang contact. Walang ipinag-aatas na ang mga ibinalik na item ay kailangang i-sanitize o i-quarantine.
- Ipagbawal ang pag-sample mismo ng mga item gaya ng mga pampaganda at pabango.
- Ang mga fitting room para sa mga customer ay pinapayagan hangga't may suot na mask at binibigyang-diin ang kalinisan ng kamay.
- Kung magdadala ang mga customer ng sarili nilang bag tiyaking:



- hindi direktang ilalagay ang mga bag sa mga conveyor belt, sa labas ng mga shopping cart, o anupamang surface kung saan pinagsisilbihan ang mga customer.
- hindi madidikit ang mga reusable bag sa mga empleyado.
- ang mga customer mismo ang maglalagay ng mga pinamili sa kanilang bag.
- hindi hahayaan ang mga customer na ilagay sa bag ang mga pinamili kapag nag-checkout kung hindi sila makakapagpanatili ng physical distancing.
- Kung gumagamit ang iyong negosyo ng mga self-service na bin (“Mga Bulk Bin”) para sa anumang uri ng maramihang produkto na inilalagay ng mismong mga customer sa mga container, sundin ang mga iniaatas sa [Seksyon 3.3 ng Direktiba 2020-07](#):
 - Dapat ipaskil sa tabi ng Mga Bulk Bin ang karatulang nagpapaalala sa mga customer na i-sanitize ang kanilang mga kamay, panatilihin nakasuot ang kanilang mga mask, at magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa ibang customer;
 - Dapat ay mayroong Mga Istasyon ng Pag-sanitize ng Kamay sa tabi ng mga bin;
 - Pinapayagan lang ang mga reusable na container kung walang ibang hahawak sa container, pati na sa checkout. Dapat magbigay ang iyong negosyo ng mga container kung hindi ito posible;
 - Pag-isipan ang pagbibigay ng mga disposable serving scoop o iba pang utensil at italaga ang lugar na ito para sa mas madalas na pag-santitize ng Mga Tauhan.

Mga Banyo para sa Mga Customer

Ang mga surface na madalas hawakan sa mga banyo, gaya ng mga gripo, toilet, counter, hawakan ng pinto, at switch ng ilaw ay dapat linisan at i-disinfet nang madalas ayon sa mga pamantayan ng industriya at Protocol sa Social Distancing gamit ang [mga nakarehistro sa EPA na disinfectant na aprubado para sa paggamit laban sa SARS-CoV-2 \(COVID-19\) virus](#).

Pag-isipan ang paggawa at pagpapaskil ng iskedul sa paglilinis at sheet sa pag-sign off sa pasukan ng mga banyo, para masubaybayan kung gaano kadalas nalilinis ang mga pasilidad.

Mga Retail na Tindahan sa isang Kulob na Indoor Shopping Center

Maaaring magbukas sa publiko ang mga retail na tindahan sa isang kulob na Indoor na Shopping Center na walang direktang access sa katabing sidewalk, kalsada, parking lot, o eskinita para sa in-store na pagbebenta gaya ng nakasaad sa talahanayan ng [Mga Kapasidad at Aktibidad sa Negosyo](#), at may pag-apruba ng isang planong isinumite sa Opisyal sa Kalusugan.

Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang para sa Retail sa Curbside:

Puwedeng isagawa ang Retail sa Curbside sa isang paradahan o puwedeng gamitin ng iyong negosyo ang [programang Shared Spaces para sa mga pagpapatakbo sa sidewalk o parking lane](#).

- Dapat sumunod ang lahat ng customer at Tauhan sa Kautusan sa Pagtatakip ng Mukha, na nag-aatas na magsuot sila ng Takip sa Mukha sa lahat ng oras.
- Ipaalala sa mga customer na tumawag o kung hindi naman ay magmensahe para malaman ng iyong negosyo kapag dumating na sila
- Tanungin ang make, modelo, kulay, at plaka ng sasakyan sa oras ng transaksyon sa offsite/malayuag pagbebenta para makita kaagad ng iyong Tauhan ang customer.
- Ipaalala sa mga customer na kapag nag-order sila, dapat nilang patayin ang kanilang makina kapag dumating sila sa iyong pasilidad o lokasyon.



- Sa trunk ilagay ang mga binili, kapag posible. Kapag magagawa, dapat ilagay ng Tauhan ang mga biniling item sa trunk compartment ng sasakyan.

Napakahalaga ng kaligtasan sa trapiko, bisikleta, at sidewalk:

- Tiyaking hindi nahaharangan ng mga operasyon ang daanan ng pedestrian at siguraduhing may kumpletong access ang mga taong may mga kapansanan.
- Ang mga customer na naghihintay sa pila sa labas ng iyong negosyo ay dapat magpanatili ng 6 na talampakang layo mula sa isa't isa, at mula sa mga customer na posibleng naghihintay sa linya mula sa ibang negosyo sa malapit.
- Dapat gawin mula sa curb ang pag-deliver ng mga item sa isang sasakyan, maliban na lang kung ang sasakyan ay nasa isang paradahan.
- Huwag mag-deliver sa mga sasakyang naka-double park. Puwede mong gamitin ang programang Shared Spaces para pansamantalang gawing mga loading zone ang mga espasyo ng paradahan nang walang bayad.
- Tugunan ang anumang iba pang isyu sa kaligtasan sa trapiko, lane ng bisikleta, o paggalaw na partikular sa iyong lokasyon.

Mga Madalas Itanong

Aling mga tindahan ang puwedeng magbukas? Ilang Tauhan ang puwedeng pumasok sa iisang pagkakataon?

Sumangguni sa [Talahanayan ng Mga Kapasidad at Aktibidad sa Negosyo \(BCAT\)](#) para sa lahat ng kasalukuyang paghihigpit, limitasyon, at pagsususpinde.

Dapat bang magsuot ng gloves ang mga tauhan?

Hindi inirerekomenda ang regular na paggamit ng mga guwantes. Ipinapaliwanag ng CDC na sa pangkalahatan, naaangkop lang ang pagsusuot ng gloves kapag naglilinis o nag-aalaga ng isang taong may sakit (tingnan ang link: [Kailan dapat magsuot ng gloves](#)). Sa karamihan ng iba pang sitwasyon, hindi kinakailangang magsuot ng gloves at maaari pa rin itong patuloy na magpakalat ng mikrobyo. Ang pinakamainam na paraan para maprotektahan ang iyong sarili ay ang regular na paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo, o paggamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol.

May de-metrong espasyo ng paradahan sa labas mismo ng pasukan ng aking tindahan. Paano ko gagamitin ang espasyong iyon para sa pag-pick up sa curbside?

Puwede mong hilingin na pansamantalang gawing loading zone ang katabing paradahan sa kalsada para makatulong na hikayatin ang physical distancing at maiwasan ang pagsisiksikan. Para gawin ito, puwede mong gamitin ang [Programang Shared Spaces ng lungsod](#).

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

- San Francisco:
 - [Impormasyon tungkol sa COVID-19](#) ng Pagkontrol at Pagpigil sa Nakakahawang Sakit ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH)
 - [Mga komprehensibong resource para sa mga negosyo sa panahon ng COVID-19 pandemic](#)



- ng SF.GOV_
- [Nada-download ng karatulang puwedeng ikaw mismo ang mag-print](#), o humiling ng [mga naka-print na poster](#)
 - Paano magpasuri para sa COVID-19 sa San Francisco sf.gov/citytests
 - Impormasyon mula sa [Tanggapan para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Paggawa ng San Francisco tungkol sa COVID-19](#), gaya ng mga ipinag-aatas sa employer, benepisyo ng empleyado, at mapagkukunan.
 - [May bayad na pagliban dahil sa pagkakasakit sa San Francisco](#)
 - California:
 - [California Blueprint for a Safer Economy \(Plano ng California para sa isang Mas Ligtas na Ekonomiya\)](#)
 - [Gabay para sa Mga Retailer](#) mula sa Estado ng California
 - [Impormasyon ng Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho \(Division of Occupational Safety and Health, CAL OSHA\) tungkol sa pagprotekta sa mga manggagawa laban sa COVID-19](#)
 - Ang [CA Notify](#) ay isang app na maaaring mag-abiso sa iyo kapag malapit ka sa ibang taong may COVID-19
 - [Impormasyon Tungkol sa Bakuna para sa COVID-19 sa sf.gov/covidvax](#).
 - Ang California Department of Public Health at Cal OSHA ay may [gabay na partikular sa mga manggagawa sa pag-delivery sa panahon ng COVID-19](#).
 - Pederal:
 - [Toolkit ng CDC sa Muling Pagbubukas ng Negosyo](#)
 - [Gabay ng CDC sa Pagbalik sa Trabaho](#)
 - Ang US Food and Drug Administration [ay may kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pick-up at delivery ng pagkain](#)